# Hindi ba kayo nagtitiwala sa akin samantalang ako ay ang mapagkakatiwalaan Niyang nasa langit? Dumarating sa akin ang pabatid ng langit sa umaga at gabi

Ayon kay Abū Sa`īd Al-Khudrīy (malugod si Allāh sa kanya) na nagsabi: {Nagpadala si Alīy bin Abī Ṭālib (malugod si Allāh dito) sa Sugo ni Allāh (basbasan Nito siya at pangalagaan) mula sa Yemen ng isang munting piraso ng gintong nasa isang katad na kinulti sa aroma, na hindi nahango mula sa alabok nito.} Sinabi: {Kaya nagbahagi siya nito sa pagitan ng apat na tao, sa pagitan nina: Ūyaynah bin Badr, Aqra` bin Ḥābis, at Zayd Al-Khayl. Ang ikaapat ay maaaring si `Alqamah o maaaring si `Āmir bin Aṭ-Ṭufayl. Kaya may nagsabing isang lalaking kabilang sa mga Kasamahan niya: "Kami mismo ay higit na karapat-dapat diyan kaysa sa mga ito."} Sinabi: {Nakarating iyon sa Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) kaya nagsabi siya: "Hindi ba kayo nagtitiwala sa akin samantalang ako ay ang mapagkakatiwalaan Niyang nasa langit? Dumarating sa akin ang pabatid ng langit sa umaga at gabi."} Sinabi: {Kaya may tumayong isang lalaking nakalubog ang mga mata, na nakaumbok ang mga buto ng pisngi, na nakasulong ang noo, na siksik ang balbas, na inahit ang ulo, na binatak ang tapis; saka nagsabi ito: "O Sugo ni Allāh, mangilag kang magkasala kay Allāh." Nagsabi siya: "Kapighatian sa iyo! At hindi ba ako higit na karapat-dapat sa mga naninirahan sa lupa na mangilag kay Allāh?"} Sinabi: {Pagkatapos tumalikod ang lalaki. Nagsabi si Khālid bin Al-Walīd: "O Sugo ni Allāh, hindi ba ako tataga ng leeg niya?" Nagsabi siya: "Hindi. Harinawa siya ay maging nagdarasal." Kaya nagsabi si Khālid: "Kay raming nagdarasal na nagsasabi sa pamamagitan ng dila niya ng hindi nasa puso niya." Nagsabi ang Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan): "Tunay na ako ay hindi napag-utusan na mag-ungkat sa mga puso ng mga tao ni bumiyak ng mga tiyan nila."} Sinabi: {Pagkatapos tumingin siya rito habang ito ay lumilisan, saka nagsabi siya: "Tunay na may lalabas mula sa supling nito na mga taong bibigkas ng Qur'ān sa isang kalamyusan, na hindi lalampas sa mga lalamunan nila. Tatagos sila mula sa Relihiyon kung paanong tumatagos ang palaso mula sa tinutudla." Nagpapalagay ako sa kanya na nagsabi: "Talagang kung makaaabot ako sa kanila, talagang papatay nga ako sa kanila nang pagpatay sa Thamūd."}

[Tumpak] [Nagkasang-ayon sa katumpakan nito]

Nagpadala si Alīy bin Abī Ṭālib (malugod si Allāh dito) sa Sugo ni Allāh (basbasan Nito siya at pangalagaan) mula sa Yemen ng isang piraso ng gintong nasa isang balat na kinulti sa aroma, na hindi nadalisay ang piraso ng ginto mula sa alabok nito. Sinabi: Kaya nagbahagi

siya nito (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) sa pagitan ng apat na tao: Sina Ūyaynah bin Badr A-Fazārīy, Aqra` bin Ḥābis Al-Ḥanḍalīy, Zayd Al-Khayl An-Nabahānīy, at `Alqamah bin `Ilāthah Al-`Āmiriy. Kaya may nagsabing isang lalaking kabilang sa mga Kasamahan niya: "Kami mismo ay higit na karapat-dapat diyan kaysa sa mga ito." Sinabi: Nakarating iyon sa Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) kaya nagsabi ito: "Hindi ba kayo nagtitiwala sa akin samantalang ako ay ang mapagkakatiwalaan Niyang nasa langit? Dumarating sa akin ang pabatid ng langit sa umaga at gabi." Sinabi: Kaya may tumayong isang lalaking ang mga mata nito ay nakapaloob sa mga kinalalagyan ng mga ito, na nakausli at nakaangat ang mataas na bahagi ng pisngi, na nakaangat ang noo, na ang balbas nito ay makapal na hindi mahaba, na inahit ang ulo, na nakaangat ang tapis nito na nagtatakip sa ibaba ng katawan nito; saka nagsabi ito: "O Sugo ni Allāh, mangilag kang magkasala kay Allāh." Kaya nagsabi siya (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan): "Kapighatian sa iyo! At hindi ba ako higit na karapat-dapat sa mga naninirahan sa lupa na mangilag kay Allāh?" Sinabi: Pagkatapos tumalikod ang lalaki. Nagsabi si Khālid bin Al-Walīd: "O Sugo ni Allāh, hindi ba ako tataga ng leeg niya?" Nagsabi siya: "Hindi. Marahil siya ay maging nagdarasal." Kaya nagsabi si Khālid: "Kay raming nagdarasal na nagsasabi sa pamamagitan ng dila niya ng hindi nasa puso niya." Nagsabi ang Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan): "Tunay na ako ay hindi napag-utusan na mag-ungkat sa mga puso ng mga tao ni bumiyak ng mga tiyan nila; napag-utusan lamang ako na tumanggap ng mga nakalitaw sa mga nauukol sa kanila." Sinabi: Pagkatapos tumingin siya rito habang ito ay lumilisan, saka nagsabi siya: "Tunay na may lalabas mula sa inapo nito at mga kasamahan nito o lipi nito na mga taong mahuhusay sa pagbigkas ng Aklat ni Allāh sa isang tinig na maganda, na ang mga dila nila ay basa dahil sa dami ng pagbigkas, na hindi lalampas ang Qur'ān sa mga lagukan nila para mamalayan ng mga puso nila para magsaayos ng mga ito. Hindi mag-aangat nito si Allāh at hindi Siya tatanggap nito. Lalabas sila sa Islām kung paanong lumalabas ang palaso mula sa tinutudla sa isang kabilisan at kagaanan." Nagpapalagay ako sa kanya na nagsabi: "Talagang kung makaaabot ako sa paghihimagsik nila laban sa mga Muslim sa pamamagitan ng tabak, talagang papatay nga ako sa kanila nang isang matinding pagpatay gaya sa mga tao ng Thamūd."

https://www.sunnah.global/hadeeth/tl/show/8307